



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Abril 21, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.760.0285

Air District, ipinadiwang ang ika-50 anibersaryo ng Earth Day

50 taon ng progreso sa kalidad ng hangin at kapaligiran

SAN FRANCISCO – Ipinagdiriwang ng Bay Area Air District ang 50 taon ng progreso sa kalidad ng hangin habang ipinagdiriwang ng mga lokal na residente at iba pa sa buong mundo ang ginintuang anibersaryo ng Earth Day ngayong linggo.

Itinatag ang Earth Day noong 1970 bilang araw ng edukasyon tungkol sa mga isyu sa kapaligiran. Sa ngayon, isa na itong pandaigdigang pagdiriwang para magpahayag ng kamalayan tungkol sa polusyon. Ang tema ng Earth Day 2020 ay “pagkilos para sa klima.” Sa loob ng ilang dekada, pinagtuunan na ng pansin ng Air District ang pagbuo ng mga komprehensibong panuntunan at estratehiya para pahusayin at protektahan ang kalidad ng hangin at ang klima.

“Mula noong Earth Day, 50 taon na ang nakakalipas, nakakita na ang Bay Area ng malalaking pagbabago sa kalidad ng hangin sa kabila ng malaking pagtindi ng trapiko at polusyon,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Mahalaga ring tandaan na maraming hamon pa ang ating haharapin. Dahil ang progresong nakamit sa nakalipas na 50 taon ay napagbabantaan ng pagbabago sa klima at pagbabalik ng mga pamantayan sa emisyon sa pederal na antas, dapat tayong mangako na gawin ang mga kinakailangang pagkilos na magkakaroon ng pangmatagalang pagkakaiba sa hinaharap.”

Para ipagdiwang ang Earth Day, magbabahagi ang Air District ng mahahalagang nakamit sa kalidad ng hangin at klima sa nakalipas na 50 taon. Puwedeng tingnan ng mga residente ang Facebook at Twitter feed ng Air District para sa mga libreng video conference background at video ng Earth Day, at para tumingin ng mga larawang nagpapakita ng pagpaparumi sa hangin sa mga nakalipas na dekada sa Bay Area, pati na rin ang mga factoid na nagtatampok ng mga pagpapahusay sa pampublikong kalusugan at kalidad ng hangin.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)